

PATNUBAY SA MISA



21 Disyembre 2015

SIMBANG GABI – Ikaanim na Araw

Taong K

PAGBIBIGAY-PURI KAY MARIANG INA NG PANGINOON

Sa Ebanghelyo ngayon ay pagninilayan natin ang ikalawang Misteryo ng Tuwa: ang Pagdalaw ni Maria kay Elisabet. Ang dalawang babae ay pinagkalooban ng natatanging biyaya ng Diyos: isang anak. Para kay Elisabet, ang kanyang anak ay di inaasahan sa kanyang katandaan; para kay Maria, ang kanyang anak ay lalo pang mahalagang regalo: ang Anak mismo ng Diyos.

Kasama ni Elisabet, bumabati at nagpapahayag tayo kay Maria bilang “Ina ng ating Panginoon” at “Babaeng may Pananampalataya.” Sa pagdiriwang ng Eukaristiyang ito, buksan natin ang ating mga puso upang tanggapin si Hesus na hatid sa atin ng kanyang Inang Kabanal-banalan upang maging Kapatid, Tagapagligtas, at Huwaran natin.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Malapit na ang pagdating ng Diyos na Poon natin, tatawagin s’yang Emman’wel, ngalang ang ibig sabih’y “ang D’yos ay ating kapiling.”

Pagbati

P– Pagpalain ang Diyos Amang nagbigay sa atin ng Kanyang bugtong na Anak sa pamamagitan ng Mahal na Birheng Maria. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!
B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Nais ng Panginoong Hesus na dumating sa atin tulad ng pagdating niya kay Elisabet sa pamamagitan ni Birheng Maria. Suriin natin ang ating mga sarili kung karapat-dapat tayo sa pagtanggap sa kanya. (Manahimik sandali.)

P– Panginoong Hesus, nagdulot ka ng galak kay Elisabet at sa kanyang anak na si Juan.

Panginoon, kaawaan mo kami!
B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, sa iyong pagdalaw, napuspos ng Banal na Espiritu si Elisabet. Kristo, kaawaan mo kami!

B – Kristo, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, ikaw ang aming Panginoon at Tagapagligtas. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, dinggin mo ang mga kahilingan ng iyong sambayanan upang ang kagalakan sa pagdating ng iyong nagkatawang-taong Anak ay magdulot ng gantimpalang buhay na walang wakas kapag siya ay nagbalik nang may kadakilaan lantad sapagkat siya ang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Sof 3:14-18*
Ang sanhi ng kaligayahan ng Jerusalem ay ang pamamalagi ng Panginoon. Hudyat ito ng kagalakan ni Elisabet sa pagdalaw ni Mariang Kabanal-banalan na taglay noon sa kanyang sinapupunan ang Tagapagligtas ng sanlibutan.

L–Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Sofonias

Umawit ka nang malakas, Lunsod ng Sion: sumigaw ka, Israel! Magalak ka nang lubusan, Lunsod ng Jerusalem!

Ang mga nagpaparusa sa iyo ay inalis na ng Panginoon, at itinapon niya ang inyong mga kaaway.

Nasa kalagitnaan mo ang Hari ng Israel, ang Panginoon; wala nang kasawiang dapat pang katakutan.

Sa araw na yaon ay sasabihin sa Jerusalem: “Huwag kang matakot, Sion; huwag manghina ang iyong loob. Nasa piling mo ang Panginoon iyong Diyos, parang bayaning nagtagumpay; makikigalag siya sa iyong katuwaan, babaguhin ka ng kanyang pag-ibig; at siya’y masayang aawit sa laki ng kagalakan, gaya ng nagdiriwang sa pista.”

Ang Salita ng Diyos!

B–Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 32*

B–Panginoon’y papurihan ng tapat n’yang sambayanan!

R. M. Velez



Pa-ngi-no-o'y pa-pu-ri---han



ng ta--pat n'yang samba-ya---nan!

* Ang Panginoong Diyos ay pasalamat, tugtugin ang alpa’t awit ay saliwan. Isang bagong awit, awiting malakas, kasali ang tugtog ng alpag marilag! **B.**

* Ngunit ang mga panukala ng Diyos ay mamalagit’t walang pagkatapos. Mapalad ang bansang Panginoon’y Diyos, mapalad ang bayang kanyang ibinukod. **B.**

* Ang ating pag-asa’y nasa Panginoon; siya ang sanggalang natin at katulong. Dahilan sa kanya, kami’y natutuwa, sa kanyang ngalan ay nagtitiwala. **B.**

Aleluya

B–Aleluya! Aleluya!

Emman’wel na hari namin halina’t kami’y sagipin at utos mo’y tutuparin.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 1:39-45*

Patuloy tayo sa pagninilay sa mga Misteryo ng Tuwa ng ating kaligtasan. Sa Ebanghelyo ngayon, magninilay tayo sa kahalagahan ng regalo ng Diyos sa atin sa katauhan ni Hesus, ang sanggol sa sinapupunan ng Birheng Maria.

P–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B–Papuri sa iyo, Panginoon!

Si Maria’y nagmamadaling pumunta sa isang bayan sa kaburulan ng Judea. Pagdating sa bahay ni Zacarias, binati niya si Elisabet. Nang marinig ni Elisabet ang bati ni Maria, naggagalaw ang sanggol sa kanyang tiyan. Napuspos ng Espiritu Santo si Elisabet, at buong galak niyang sinabi, “Bukod kang pinagpala sa babaing lahat at pinagpala naman ang iyong dinadalang anak! Sino ako upang dalawin ng ina ng aking Panginoon? Sapagkat pagkarinig ko ng iyong bati ay naggagalaw sa tuwa ang sanggol sa aking tiyan. Mapalad ka sapagkat nanalig kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon!”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B–Pinupuri ka namin, Panginoon Hesuskristo!

Homiliya

Panalangin ng Bayan

P–Habang nagninilay sa misteryo ng tuwa ng Pagdalaw, magtuon tayo kina Mariang Kabanal-banalan at Elisabet, at kay Hesus na siyang sanhi ng kanilang kagalakan. Kaisa nila, manalangin tayo:

B–Panginoon, buksan Mo ang aming puso!

* Para sa Simbahang panlahat: Nawa higit niyang pahalagahan ang ginagampanan ng kababaihan sa pamayanang Kristiyano at tuwinang ipagtanggol ang kanilang

karangalan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng asawang babae: Nawa sila’y maging kasangkapan ng pagpapakabanal ng kani-kanilang asawa at tagapagtaguyod ng pagkakasundo’t kagalakan sa tahanan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng ina: Nawa palakihin nila ang kani-kanilang anak nang may takot at pagmamahal sa Diyos at maging inspirasyon sa kanila sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng babaeng nagtalaga ng kanilang sarili sa Panginoon: Nawa manatili silang tapat sa kanilang mga pangako at para sa mga sumasampalataya’y maging salamin ng kaningningan ng lubos na pagmamahal. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng batang babae: Nawa sila’y maging mapagmahal na anak, mapagpahalaga sa kanilang puri, at nakalaan sa kabutihan ng kapwa. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P–Panginoong Diyos, makapaghandanda nawa kami para sa darating na Pasko, na tulad ng paghahanda ni Elisabet para sa pagsilang ni Juan, at ni Maria para sa pagsilang ni Hesus, na ating Panginoon at Tagapagligtas na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B–Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P–Manalangin kayo . . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang mga alay ng iyong sambayanan. Ang ipinagmangandang-loob mong ibigay sa amin upang maihain ay siya nawang gumana sa iyong ginagawa upang kami’y tubusin sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu

Santo magpasawalang hanggan.
B– Amen!

Prepasyo ng Adbiyento II

P– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya’y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya’y inilahad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami’y nananabik at nanananging lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B– Aming ipinahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo

ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Talagang napakapalad ang nananalig nang tapat sa pangakong sa D’yos buhat pagkat ito’y matutupad ayon sa kanyang pahayag.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, ang pakikinabang ng iyong sam-bayanan ay siya nawang magtaguyod lagi sa tanang nagdiwang upang sa pagsamba sa iyong kadakilaan makamtang masagana ang ganap na kagalingan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGWAWAKAS



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo habang igi-nagawad ang pagbabasbas. (Tumahimik sandali.)

Iadya nawa kayo ng Diyos sa lahat ng panganib at bigyan kayo ng lahat ng makabubuti sa inyo.

B– Amen!

P– Palakasin nawa kayo ng kanyang biyaya upang matiis ang mga kahirapan ng buhay.

B– Amen!

P– Patatagin Niya nawa kayong lagi sa pananampalataya, maligaya sa pag-asa at walang pagod sa pagmamahal.



B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahal in at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa, tulad ng ginawa ni Maria.

B– Salamat sa Diyos!



SPECIAL WALL CALENDARS

Mabibili sa
WORD & LIFE PUBLICATIONS
sa maliit at malaking sukat


May gabay sa pagbasa at santo sa bawat araw.
Tampok ang maikling patalastas para sa pagdiriwang ng Taon ng Eukaristiya.

BILI NA!

*Sino itong tinatawag nating Hesus?
Ano ang nagawa niya?
Basahin at alamin ang kanyang
kahanga-hangang buhay.*

HE LIVED AMONG US

. . . tinatampukan ng magagandang larawang-guhit at mga siping hango sa Banal na Kasulatan . . .



Mabibili na ngayon sa **Word & Life Center**

Simbang Gabi – Ikaanim na Araw

SI ELISABET: UNA SA MGA DEBOTO NI MARIA

Isang kalugud-lugod na sorpresa kay Elisabet, na matagal nang baog, ang pagdalaw sa kanya ni Maria. Lyon ang ikalawang maganda niyang sorpresa sa loob ng anim na buwan. (Ang una'y ang pagkaalam niyang siya'y nagdadalang-tao sa kabila ng kanyang katandaan.)

Ngunit ***laking gulat ni Elisabet nang malaman niyang ang nakababata niyang pinsan ay nahirang ng Diyos na maging ina ng ipinangakong Mesiyas.*** Malamang na tulad ng iba, inakala niyang ang Mesiyas ay isisilang ng isang reyna at sa isang palasyo, gayong si Maria ay isa lamang karaniwang dalagang nayon na naninirahan sa isang liblib na sulok sa Hilagang Palestina.

Ngunit sa halip na pagdudahan o itatwa ang katurang si Maria ay tunay ngang pinagpala, ang “Mabuting Balita” ni Maria ay nakaganyak kay Elisabet na magpahayag: ***“Bukod kang pinagpala sa babaing lahat, at pinagpala naman ang iyong dinadalang anak!” Hindi iyon bunga ng isip-tao. Iyon ay bunga ng Espiritu Santong nagpaunawa kay Elisabet sa gayong karangalang ipinagkaloob sa pagiging ina ni Maria.***

Sa kanyang kababaang-loob, di niya maubos-maisip kung paanong ang Ina ng Mesiyas ay naparito

upang dalawin siya. Gayunman, alam na alam niyang di madaling maunawaan ang pamamaraan ng Panginoon. Ang mahalaga'y si Maria. At sa kanya, may isa pang papuri si Elisabet: ***“Pinagpala ka pagkat nanalig kang matutupad ang sinabi sa iyo ng Panginoon.”***

Sa mga gayong pangungusap na binigkas ni Elisabet sa inspirasyon ng Espiritu Santo, siya ang naging una at pinakamasiglang deboto ni Maria. Ang mga salita niya'y pakumbaba't pinagpalang pagpapahalaga sa karangala't kadakilaan ni Maria.

Ang mga nananalig na ang Bibliya ay salita ng Diyos ay marapat na magpapahalaga sa salaysay tungkol sa Pagdalaw kay Elisabet. Nakalulungkot na di ito gaanong napahahalagahan ng marami. Ipinagpapalagay lamang na animo'y isa lamang sa maraming bunga ng mga pagmamalabis. Malinaw na ang mga taong ito ay nabubulag ng kanilang paghamak kay Mariang Kabanal-banalang Ina ng Panginoon. Mabigat itong pinsala. Dapat tayong manalanging ang Espiritu Santong inspirasyon ni Elisabet ay makapangyari rin sa kanila nang tumulad sila kay Elisabet sa pagpapahayag nang buong kagalaka't paghanga sa ipinagdarasal ng Simbahan sa loob ng 2,000 taon na ngayon.

Munting Kaalaman sa Adbiyento/Pasko

ANO ITONG MISA DE GALLO?

Ang *Misa de gallo* ay isang maituturing na “liturhikong mestiso.” Karaniwan sa Liturhiya ang mga pagdiriwang nang waluhan o sa mga tinatawag na “oktabo” o sa walong magkakasunod na araw. Sa katunayan, ang ikalawang bahagi ng Adbiyento, ika-17-24 ng Disyembre, ay gayon ngang walong araw. Layunin ng oktabo ang pagbibigay-diin sa kaalaman sa unang pagdating ng Mesiyas may mga dalawang milenyo nang nakalilipas. Taglay pa rin ng *Misa de gallo* ang batayang oryentasyon ng “paghahanda para sa Pasko” bagamat pinalalawig ito sa isa nang nobenang nagmumula sa ika-16 ng Disyembre.

Ang tradisyon ay pinasimulan ng mga prayleng Kastila. Ang Misa sa siyam na araw ay magandang pagkakataon para mangaral sa mga mananampalatayang karamihan – gaya ngayon – ay di mga regular na nakasisimba kung araw ng Linggo. Isa pa't lalong mahalaga'y ang mga Misa sa nobena ay bilang pasasalamat para sa pananampalataya sa ating kapuluan. Ang *Misa de gallo* ay pambansang kahilingang manatiling matatag sa pananampalatayang Katoliko.



Bagay na bagay ang *Misa de gallo* sa ugaling Pilipino na kaugnay ng pagsasakripisyo o penitensiya. Hindi naman sapagkat tayo'y sadista kundi karaniwang higit nating pinahahalagahan ang mga handog o kaloob na natatamo sa pamamagitan ng sakripisyo – iyon bang “pinaghirapan!” Kaya nga, mahilig tayo sa mga prusisyon sa madaling-araw at sarisaring pagpepenitensiya sa Mahal na Araw.

Ang pagdalo sa ganitong nobena ng mga Misa ay totoo ngang naging popular. Sa katunayan, upang matulutan ang mga magsasakang karaniwang nagsasaka nang maagang-maaga, ang mga Misang ito'y maagang idinadaos ng mga paring Kastila upang huwag makaabala sa araw-araw na gawain ng mga magsasaka. Kaya sa pagtalaok ng mga manok sa unang bantayan, ang mga kampanilya ng simbahan ay nananawagan na sa mga tao para sa Misa sa ika-4:00 ng madaling-araw. Kaya nga, ang mga Misang ito ay tinawag na *Misa de gallo*. (Buhat sa: Bajo las Campanas ni Fr. John Cabrido, SDB)



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • **Telefax:** 894-5241 • **Website:** www.wordandlife.org

• **E-mail:** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molmog, D. Daguio,

V. David • **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Circulation:** F. Edjan